Halimbawa ng Liham ng Magulan/Pamilya
Komprehensibong Mga Kinakailangan sa Edukasyong Sekswal na Pangkalusugan

Minamahal naming Mga Magulang at Pamilya,

Nais naming ipaalam sa inyo ang mga kinakailangan sa edukasyon para sa mga paaralang nauugnay sa edukasyong sekswal na pangkalusugan at kung paano ito nakakaapekto sa pagtuturo ng inyong anak. Noong 2020, ipinasa ng Lehislatura ng Estado ng Washington ang isang bagong kinakailangan (RCW 28A.300.475) na ang lahat ng paaralan ay magbibigay ng komprehensibong edukasyon sa sekswal na pangkulusugan.

Tinukoy sa batas ang komprehensibong edukasyon sa sekwal na pangkalusugan bilang pagtuturo tungkol sa pag-unlad at pagpaparami ng tao na nagaganap sa paglipas ng panahon at naaangkop sa edad at kasama ang lahat ng mga mag-aaral.

Patuloy ang ating distrito na magpapasya kung anong kurikulum at mga materyal na pang-edukasyon ang ginagamit natin para sa pagtuturo sa sekswal na pangkalusugan. Walang natatanging kurikulum na kinakailangan para magamit sa mga paaralan sa Washington.

Batay sa batas, makakatanggap ng pagbibigay-kamalayan na pag-aaral ang mga mag-aaral sa grade K–3. Hindi naglalaman ng kinakailangang sekswal na pangkalusugan na pag-aaral para sa mga mag-aaral sa mga baitang K–3. Ang pagbibigay-kamalayan na pag-aaral ay ang pag-aaral tungkol sa magalang na pakikipag-usap, malusog na pagkakaibigan, paggalang sa personal na espasyo, at pamamahala ng mga emosyon.

Makakatanggap ang mga mag-aaral sa baitang 4 o 5 ng edukasyong sekswal na pangkalusugan nang isang beses. Ang pagtuturo sa paglaki at pag-unlad ng tao (pagbibinata) ay karaniwang nagsisimula sa ika-5 baitang.

Makakatanggap ang mga nakatatandang mag-aaral ng impormasyong naaangkop sa edad tungkol sa paglaki at pag-unlad ng tao at ang Reproductive System (RS), malusog na relasyon, pagpayag, pag-iwas, mga Sexually Transmitted Disease (Mga Sakit na Naipapasa sa Pakikipagtalik, STDs), at mga paraan ng pag-iwas sa pagbubuntis. Magbibigay tayo ng pagtuturo nang hindi bababa sa dalawang beses sa mga baitang 6–8 at hindi bababa sa dalawang beses sa mga baitang 9–12.

Puwede mong hindi isama ang inyong anak o mga anak sa pagtuturo na may nakasulat na kahilingan, at magagawa mong suriin ang ating kurikulum sa sekswal na pangkalusugan bago maganap ang pagtuturo.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa RCW 28A.300.475 at mga kinakailangan nito, pakibisita ang website ng Office of Superintendent of Public Instruction (Tanggapan ng Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo, OSPI): Edukasyong Sekswal na Pangkalusugan (ospi.k12.wa.us)

Mangyaring huwag mag-atubiling makipag-ugnayan kung mayroon kang anumang mga katanungan.

Sumasainyo,

Punong-guro ng Paaralan/Distrito Superintendente